# ANGEL OF THE HOLY SPIRIT ACADEMY
## FILIPINO 4
## Banghay ng Kuwento

Gawin ang banghay ng kuwentong “Hindi Ito Akin”. Gamitin ang mga pangyayari sa kahon. Piliin ang sagot sa kahon. Isulat sa nakalaang patlang ang wastong sagot.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **K**asukdulan | **S**imula | **P**ababang Aksiyon | **W**akas | **P**ataas na Aksiyon |

__________ 1. Hawak-hawak ni Andrey ang Nahulog na pera ng lalaking pumasok sa fastfood chain. Sinulsulan siya ng mga kaibigan na huwag nang ibalik ang pera sa may-ari. Ngunit, sabi niya sa sarili na hindi kaniya ang perang iyon kahit na kailangan nila ng pera.

__________ 2. Naulinigan ni Andrey ang pag-uusap ng kaniyang ama at ina. Nauunawaan niyang nahihirapan ang ina sa pagtitinda. Nagpasiya si Andrey na magtrabaho bilang parking boy sa isang fastfood chain sa kanilang bayan.

__________ 3. Naiiyak si Andrey sa pagbabagong naganap sa kanilang buhay. Makapag-aaral na siya nang hindi gagastos ang kaniyang mga magulang, naragdagan pa ng puhunan ang kanilang tindahang sari-sari.

__________ 4. Pagdukot ng cellphone ng kostumer ay Nahulog naman ang kaniyang pera nang hindi niya namamalayan. Tuloy-tuloy na pumasok siya sa fastfood chain. Dali-daling pinuntahan ni Andrey ang pintuan upang tingnan.

__________ 5. Lakas-loob siyang pumasok sa fastfood chain, tinawag ang may-ari, at inabot ang pera nito. Bukod sa pabuyang ibinigay, ibinahagi pa niya sa kanilang Facebook Account ang kabutihan ni Andrey. Kumalat ito sa marami hanggang sa isang eskuwelahan ang nagbigay ng full scholarship kay Andrey.

LIVEWORKSHEETS